Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG AGOSTO 23, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 151-T-2010

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 01-T2010 NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL (MDC) NA MULING INILALAAN ANG PONDONG HINDI NAGAMIT NG IBA'T-IBANG SEKTOR PARA SA PRAYORIDAD NA PROGRAMANG "MASAGANANG ANI SA MALINIS NA PATUBIG" SA ILALIM NG 20% MUNICIPAL DEVELOPMENT FUND 2009.**

**SAPAGKA'T,** *iniliwat sa sangguniang ito ng Kagalang-galang* Punong Bayan Domingo G. Panganiban ang Kapasiyahan Blg. 01-T2010 na naglalayong muling maglaan ng pondong hindi nagamit para sa programang "Masaganang Ani sa Mabilis na Patubig" sa ilalim ng 20% Municipal Development Fund 2009, ayon sa nasasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ito ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi, Lupon sa Batas at Lupon sa Pabahay at Paggamit ng Lupa para sa pagtalakay at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng muling paglalaan ng pondo para sa mga programang nangangailangan ng dagliang pagpapatupad ayon sa isinasaad ng kapasiyahan ay inirekomenda ng Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Serafin C. San Juan, Jr. at Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang sumusunod na:

## KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 09-T2010

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** – *Muling ilaan ang halagang Php1,008,616.56 mula sa pondong hindi nagamit* ng iba't-ibang sektor para sa prayoridad na programang "Masaganang Ani sa Malinis na Patubig Project" sa ilalim ng 20% Municipal Development Fund 2009.

**SEKSYON 2** - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet, Municipal Development Council, Pambayang Pinunong Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**RAMON D. TAN**
Kagawad

**FLORENCIO C. ODEJAR**
Kagawad

**RIZALDY N. KALAW**
Kagawad

**LAARNI A. MALIBIRAN**
Kagawad

**LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**JUN M. ASINAS**
Kagawad

**ROLANDO MOISES E. ACAPULCO**
Kagawad

**SERAFIN C. SAN JUAN, JR.**
Kagawad

**ISAGANI R. MALAPAYA**
Kagawad

**JOHN CARLOS C. DELOS REYES**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan